# Salvacion

JOSE DENNIS C. TEODOSIO

Matagal na akong nakatayo at nakatanghod sa harap ng lumang elevator. Ang pagkulo ng aking sikmura at ang pamimitig ng aking mga binti ang mga piping saksi kung ilang oras na akong naghihintay roon. Ala-sais pa lang ng umaga nang ipasok si Mama sa operating room at hanggang ngayon, hindi pa rin nila siya inilalabas. Niririndi pa rin ang tainga ko ng walang kaasug-asog na turan sa akin ng nakabusangot na nurse kanina, "D'yan ka lang." Dahil doon, ayun, hindi na ako natinag pa sa puwestong iyon.

Walang nagsabi sa aking magiging malaking dusa pala ang paghihintay ko sa harap ng lumang elevator na iyon. Ni hindi pumasok sa isip ko ang ganoong pangitain. Nakondisyon akong matatapos ang operasyon ni Mama sa loob lang ng isa o dalawang oras.

Kagabi, ako ang tokang tumingin kay Mama. Naghahanda na kasing lumipad si Glenn pa-Middle East. Sinuwerte siyang mabak-apan ng isang kapitbahay naming matagal-tagal na rin doon. Iyong susuwelduhin daw niya, tama lang sa mga gastusin nila. Tatlo na rin kasi ang tsikiting niya at lahat, nagsisipag-aral na. Dalawang taon ang pinirmahan niyang kontrata. Para sa akin, mas mabuti na rin iyon—kaysa wala. Para makaalis, nabraso niya akong magpahiram ng pera. Kahit gipit, hindi pa rin ako nakatanggi. Umasa siyang gagawa ako ng paraan (dahil ako ang panganay sa aming tatlo). Hindi nga lang namin napag-usapan kung babayaran niya ako o hindi. Si Erwin naman, ang bunso namin, mula nang ma-lay off sa huling pinasukan niya, nalulong na sa katamaran. Mahigit limang taon na rin siyang tambay. Hindi nakatulong ang pambubulyaw ko. Katwiran niya, hindi naman siya ang dapat sisihin kung wala siyang mapasukan. Pinalampas ko na lang ang pamimilosopo niya kasi, kahit papaano, naaasahan siya ni Mama sa bahay (kasi, ako, nakabukod naman sa kanila). Isa pa, mabuti na lang, may trabaho iyong ex-wife niya at nasusustentuhan ang pag-aaral at pangangailangan ng nag-iisa nilang anak. Dahil wala siyang pinagkakakitaan, naging kargo ko na rin siya (at ang anak nila) dahil kay Mama sila nakapisan. Pinauwi ko muna si Erwin para asikasuhin ang bahay.

Hindi ako iyong tipong palagay ang loob kapag nakikipaghuntahan sa kapamilya. Parang meron akong "split personality." Sa labas, maboka ako. Ako ang laging bangka. Maingay. Palabiro. Maraming hirit. Life of the party, sabi nga nila. Pero pagdating sa amin, tameme ako. Kapag pumasok na ako sa bahay, bigla, parang nalululon ko ang dila ko. Wala akong masabi. Wala akong ganang makipag-repartee. At kinasanayan na nila iyon sa akin. Hindi ko alam kung ba't ganoon ang naging siste ko. Suspetsa ko, dahil siguro iyon sa trabaho ko. Pag-uwi ko kasi, nagkukulong na lang ako sa kuwarto para bunuin ang mga iskrip na dapat ipasa. Lumalabas lang ako kung kakain na o talagang kailangang mag-inat-inat. Paano pa ako gaganahang *magsalita* kung puro *salita* na ang binubuno ko at pinipiga sa utak ko—sa araw-araw?

Tapos, kagabi, bago kami matulog, kinailangan kong kausapin si Mama. Hindi madali iyon para sa akin. Hindi kasi niya maitagong kinukubabawan siya ng takot na walang pangalan. Banas ako pero sumige na lang ako. Sa isip ko, hindi na ako dapat magpasakalye. Dapat, sabihin ko sa kaniyang tigilan na niya ang arte. Hindi makatutulong ang pagdadrama. Pero walang ganoong ibinulalas ang aking bibig. Kasunod ng isang malalim na buntonghininga, bumaling ako kay Mama at bumanat, "Ano ba ang ipinag-aalala mo? 'Pag gising mo, tapos na ang lahat. Uuwi na tayo. Ayos ka na." Sa tono ko, at sa mga pangungusap ko na walang "po" at "opo," parang kapa ko ang lahat. Walang sasablay. Pero sa halip na humirit si Mama na katulad ng nakagawian niya, lumayo lang siya ng tingin sa akin, parang paslit na nasigawan at naghahanap ng paraan para maitago ang tinamong hiya. Hindi nakatulong ang katahimikang namagitan sa amin. Dahil sa ginawa ni Mama, bigla, sinunggab ako ng matinding galit. Narinig ko ang sarili kong paghinga, tanda kung paano ko pinigilan ang tuluyang mapundi. Tapos, narinig ko si Mama. Bawi niya, "Gano'n lang ata 'ko. Maraming inaalala. Maraming iniisip." Pero sa halip na kumalma, kumabig pa ako. Tumaas at lumakas ang boses ko. Sa bawat bitaw ko, halata ang panlalait. Sabi ko, "Ba't ka pa kasi nag-aalala at nag-iisip? Ooperahan ka na nga bukas, di ba?" Salo niya, "Pero, pa'no kung—"

Tumingin ako sa kisame. Hindi ako nakasagot. Wala akong naisagot. Hindi man natapos ni Mama ang sasabihin niya, parang malinaw na agad ang tinutumbok niya. Peste. Saan ba ako huhugot ng paliwanag, ng pansalag? Bigla, parang may lumatay sa aking pisngi. Bigla, parang sinampal ako ni Mama. Malakas. Walang pasintabi. Parang ipinamukha niya sa akin kung gaano kakitid ang utak ko, kung paano ako umaastang nagmamalaki, kung paano ko binalewala ang pangambang bumabagabag sa kaniya ngayon. Parang sinabi niya sa akin, "Wala kang utang na loob. Kung pagsalitaan mo

ako, parang hindi ako ang nagluwal sa 'yo. Di porke ikaw ang sasagot ng mga gastusin sa ospital, may karapatan kang umangas nang gan'yan. Ano ba ang problema mo? Di mo pa rin ba nasasakyan ang sinasabi ko? Pa'no kung magkabulilyaso sa operating room? Pa'no kung mamatay ako?"

Kung isang eksena lang ang lahat sa iskrip na isinusulat ko, parang wala akong magiging hasel. Magiging madulas ang batuhan ng linya. Pero, letse, iba ang totoong buhay. Sa totoong buhay, di uubra ang dialogue techniques. Sa totoong buhay, matalim at madaling makasugat ang mga salitang binibitawan.

Para makadistansiya, agad kong pinalipad ang utak ko.

Kailan nga ba ako huling nagkasakit? Dalawang okasyon lang naaalala ko. Una, noong binulutong ako. Si Mama ang nagtiyang naglanggas sa mga sugat kong nagnanaknak. Ngalngal lang ako nang ngalngal dahil sa sakit at hapdi pero paulit-ulit lang niyang sinabing gagaling din ako. Grade 5 yata ako noon. Hinding-hindi ko makakalimutan na binulutong ako dahil sa mga peklat ko. Tapos, noong nasa second year high school na ako, tinamaan naman ako ng sore eyes. Grabe ang trauma na dinanas ko noon. Sa lugar namin, parang ako ang pinakaunang nagkaroon ng sore eyes. Sa madaling sabi, ako ang napagbintangang virus carrier. Ayun, iniwasan ako ng lahat. Iyong tiyahin kong nakatira malapit sa amin, sininghalan ako. Sabi niya, "Oy, wag kang pupunta rito. 'Wag kang lalapit sa 'min." Mangangatwiran pa sana ako pero malakas niyang sinalya ang pintuan nila. Pakiwari ko, aso akong binato para kumaripas ng takbo. Kumahol man ako, di na ako makakakagat. Bumahag na ang buntot ko. Ang sama-sama ng loob ko noon. Hanggang ngayon, galit pa rin ako sa tiyahin kong iyon dahil sa sinabi at ginawa niya sa akin. Pakiwari ko, OA ang naging pagtrato niya sa akin. Sore eyes ang tumama sa akin—hindi ketong. Pero si Mama, hawak ang *Eye Mo*, walang kagatol-gatol na nagsabi sa akin, "Halika, patakan natin nito ang mga mata mo. 'Wag mo na lang intindihin ang Tita mo. Praning 'yon." Parang meron invisible shield si Mama. Parang meron siyang kung anong secret power laban sa sore eyes. Si Papa, si Glenn, at si Erwin—lahat kami sa bahay—nagka-sore eyes. Pero si Mama, hindi.

Napuwersa akong bumalik sa nangyayari nang muli kong marinig si Mama. "Pasensya na," bawi niya. Medyo basag na ang boses niya noon. Parang isang pangungusap pa, maningilid na ang luha niya. Pumikit ako, tapos, napabuntonghininga. Paraan ko iyon para magkunwaring ako pa rin ang may kontrol sa sitwasyon at hindi ako natitinag o naaantig. Naisip ko,

dapat, hindi sumagi sa isip ni Mama na nag-aalala na rin ako, na binabagabag na rin ako ng pangambang lumalamon sa kaniya. Naisip ko, sana, bulutong o sore eyes na lang ang dumali kay Mama. Kahit paano, magiging patas kami at makababawi ako. Matatapatan ko ang paglalanggas niya ng mga sugat ko o pagpatak niya ng *Eye Mo* sa mga mata ko. Pero, hindi ganoon, e. Dahil sa edad ni Mama, may namuo raw na bato sa daluyan ng ihi niya. Kasinglaki na ng piso ang bato kaya kailangan siyang operahan.

Kailan lang namin nalaman ang kondisyon ni Mama. Nilagnat siya at kinailangang isugod sa ospital. Tapos, kung anu-anong laboratory tests ang ginawa para malaman ang dahilan. Na-bad trip talaga 'ko noon. Nataon pa kasing katatapos lang ng isang project ko. Para sa katulad kong freelancer, pinakanakakatakot ang pagtatapos ng isang project kasi hindi ko alam kung may kasunod pa. Iyong kinita ko roon, sakto lang pambayad sa hinuhulugang bahay at lupa at pantawid sa mga dapat bayarin bago matapos ang buwan. Hindi ko alam kung saan ako huhugot ng pambayad sa doktor at sa mga niresetang gamot para kay Mama. Meron akong checking account sa Cainta Rural Bank pero ang laman noon, tama lang pang-minimum balance. Kapag nag-withdraw ako ng sandaan, malilintikan na 'ko. Hindi ko naman p'wedeng ipangalandakan sa lahat na kapos ako. Bulong sa akin ng pride ko, malalagpasan mo rin iyan. Kapit ka lang. Ayun, kumapit nga ako. Kaya lang, matalim ang nakapitan ko. Literal na nagkasugat-sugat ang mga kamay ko. May nautangan nga ako pero nadale ako sa laki ng tubo.

Kasunod noon, naalala ko iyong alkansiya ni Mama. Parang nasa third year high school ako nang magwelga sila Papa. Napilitan si Mama na tumanggap ng mga labada at plantsahin. Iyong kinikita niya, hinuhulog niya sa malaking garapon. Kapag may biglaang gastos sa school, doon siya kumukuha ng iaabot sa akin. Dahil masinop si Mama at tila wala siyang pagod maglaba at mamalantsa, mabilis na napuno ang garapon niya. Sakto namang nagbukas ang kauna-unahang sinehan sa may amin. Para makapanood, hindi ako nagdalawang-isip na kumupit ng pera sa garapon. Ang yabang-yabang ko pagkatapos kong mapanood ang *Dolphy's Angels* in Technicolor. Pag-uwi ko, hindi ko na nakita pa ang garapon ni Mama. Inilipat niya iyon sa ibang taguan. Mas nakonsensiya ako nang wala akong narinig mula kay Mama. Ni hindi niya ako sinumbatan. Para makabawi, tinipid ko ang baon ko (na galing din kay Mama). Tapos, isang araw, inabot ko sa kaniya ang naipon ko. Paliwanag ko, bayad iyon sa kinupit ko sa kaniya dati. Ngumiti lang si Mama. Tapos, tinanggihan niya ang iniabot ko. Gamitin ko na lang daw pampanood ng sine. Narinig daw niyang may bagong pelikula si Chiquito. Masaklap

isipin na sa paglipas ng panahon, hindi na kinaya ni Mama na mag-ipon pa ng pera sa garapon. Hindi na rin kasi kinaya ng katawan niya ang tumanggap pa ng labada at plantsahin.

Aminado ako. Hirap akong mag-move on sa usapin ng pera sa garapon. Para makabawas ng bigat, nag-ipon ako pambili ng isang mamahaling bag para kay Mama. Kumbinsi ko sa sarili, symbolically, papalitan ko ang garapon niya ng mamahaling bag. Kung meron man siyang naitatabi, mag-le-level up na siya kasi, bag na ang gagamitin niya—at hindi garapon. Nang ibinigay ko sa kaniya ang bag, normal ang reaksyon niya. Nagustuhan daw niya ang kulay—pula. Sabi ko, "Tingnan mo ang brand." Binasa niya ang tatlong letra sa bag—Y S L. Tapos, tumingin siya sa akin. "Mahal ba 'to?" Bigla, napikon ako. Alam kong hindi niya binalak na b'wisitin ako pero hindi ko talaga kinaya ang hinirit niya. Dahil napikon ako, tumahimik na lang ako. Mabilis namang napik-ap iyon ni Mama. Ngumiti siya at bumanat, "Masaya na rin ako kasi para akong si Aling Dionisia." Sabi ko, "Sino?" Paliwanag ni Mama, "Si Aling Dionisia. 'Yong nanay ni Manny Pacquiao. Niregaluhan din s'ya ni Manny ng bag. Sa akin, YSL. Sa kaniya, Hermes." Inulit ko ang *Hermes* (nang may tamang articulation). Parang nalito si Mama. Ipinaliwanag kong mali siya sa pagsasabi ng *Hermes*. Humagalpak siya. Naisip niyang mahirap palang i-pronounce ang bag ng mga sosyal. Napangisi ako. Tapos, sa isip ko, pumasok ang pagkakapareho at pakakaiba namin ni Manny Pacquiao. Pareho naming ginagamit ang mga kamay namin. Siya, para sa boxing. Ako, para magsulat. Magkaiba kami kasi siya, may pera. Ako, isang kahig, isang tuka. Hindi ko na sinabi iyon kay Mama. Natuwa na akong makita siyang kalong-kalong ang bag na pinag-ipunan ko para sa kaniya. At sa wakas, naka-move on na rin ako.

Nang matiyak na may batong bumabara sa daluyan ng ihi ni Mama, diniretso ako ng doktor. Kailangan daw ng operasyon para maiwasan ang komplikasyon. Sumeryoso ang mukha niya nang sabihin niya ang salitang "komplikasyon." Diniretso ko rin ang doktor. Salo ko, "Magkano po ba?" Ngumisi lang ang doktor. Tapos, sabi niya, "P'wede kang humingi ng second opinion." Bulong sa akin ni Mama, "Anong ibig sabihin ni Dok?" Sinagot ko lang si Mama nang nakalabas na kami sa clinic. Sinagot ko siya sa paraang hindi siya malilito. Tanong niya ulit, "O, ano na?" Sabi ko, "Kailangan natin ng malaking pera." Hanggang sa makauwi kami sa bahay, hindi na humirit o kumibo pa si Mama. Alam kong alam niyang pag pera ang pag-uusapan, madali akong napipikon. Sa pananahimik niya, para na rin niyang sinabing ako na ang bahalang dumiskarte. Mag-aantabay na lang siya.

Humingi ako ng tulong sa mga kaibigan at kakilala. Sinabi ko kung magkano ang kailangan ko para sa operasyon ni Mama. Pero sa halip na tulong, pawang puro mga insulto at kutya ang nakuha ko sa kanila. Sabi ng isa, "Pasalamat ka at hindi kanser. Mareremedyuhan pa 'yan. Ayos na rin 'yan, di ba?" Kompara ng isa, habang nakangising parang si Joker, "Si Mommy ko, weak ang heart. Sa pang-maintenance pa lang n'ya, namumulubi na kami. Gusto mo palit na lang sila ng sakit?" Tapos, iyong isa pa, "Punta kayo sa Manaoag, Friend. Makukuha 'yan sa dasal." Kung hindi ko pinigilan ang sarili kong manuntok, malamang, sa kulungan ako nagpatuloy mag-isip kung paano maitatawid ang operasyon ni Mama.

Maraming gabing nakatitig lang ako sa kisame at umaasang may himalang mangyayari. Kinumbinsi ko sa aking sarili na merong genie o fairy godmother na kayang magkaloob ng anumang hihilingin ko. Pero, mabilis na lumipas ang mga araw. Walang genie o fairy godmother na tumulong sa akin. At kung meron man akong natiyak, isang bagay lang 'yon—walang maibubunga o maitutulong ang pagtitig ko sa kisame.

Dahil sa Google, nagkaroon ako ng kaunting pag-asa. Gamit ang search engine, naghanap ako ng mga paraan para maremedyuhan ang nakabarang bato sa daluyan ng ihi ni Mama. Para sa akin, ang ibig sabihin ng paraan ay iyong "mura"—iyong hindi kakailanganing gumastos ng malaki. Merong nagsasabi na dapat uminom lang ng ganoon at ng ganito. Meron din akong nabasa tungkol sa shockwave at sa laser. Pero, sa huli, wala pa ring nangyari at nakatulong. Sa napakaraming options na meron, iisa lang ang naging common denominator—pera.

Tinapat ko si Mama. Sabi ko, "Tiis muna, ha. Pag-iipunan ko ang operasyon mo." Ang subtext? Hindi ko alam kung kelan ko siya mapapaoperahan. Sagot niya, "Kaya ko pa naman, e." Sa sinabi niyang iyon, alam kong ayaw niya akong magalit at mag-aalala. Pero, sa totoo lang, ang sagot niyang iyon ang naging dahilan para magalit ako at mag-alala ng todo. Salo ko, "Ano bang gusto mong palabasin? Hindi kita inintindi? Na pinababayaan kita?" Depensa niya, "Bakit? May sinabi ba akong masama?" Sabi ko, mas malakas at may diin, "Ang drama mo talaga, Ma." Tapos, umalis na ako bago pa malaman ni Mama na ako talaga ang nagdadrama at hindi siya. Sa pag-alis kong iyon, sigurado akong may kinimkim na sama ng loob sa akin si Mama.

Dinibate ko ang sarili ko. Ano ba ang karapatan ni Mama na magkimkim ng sama ng loob sa akin? Nang mamatay si Papa, kinailangang pangatawanan ko ang pagiging breadwinner. Dahil sa mga sinakripisyo ko, malamang,

maeengganyo na si Charo Santos na isadula sa telebisyon ang mga pinagdaan at tiniis ko para sa pamilya ko. Dapat sa edad ko, pag-aasawa na ang inaatupag ko. Dati, sabi ko, kailangan munang mapagtapos ko sila Glenn at Erwin. Ayun, sa awa ng Diyos, dumiretso sila sa simbahan. Si Glenn, nakabuntis bago ang graduation sa college. Si Erwin, nagtanan bago magmartsa sa high school. Tapos, kumambiyo ako at nag-iba ng mantra. Sabi ko, kapag natapos kong hulugan ang bahay at lupa, sarili ko naman ang iisipin ko. Ang masaklap nito, magsasampung-taon na akong naghuhulog sa bahay at lupa, pero parang ni hindi nababawasan ang principal. Parang sa interest lang napupunta ang ibinabayad ko buwan-buwan. Dagdag pa sa iniintindi ko ang mga gastusin sa bahay—pamasahe, pamalengke, association due, ilaw, koryente, cable, telepono. Tapos, ngayon, eto pa. Ang operasyon ni Mama. Katwiran ko, may karapatan akong mag-init ang ulo ko kasi ang dami kong iniisip. May karapatan akong mawala sa huwisyo ko kasi marami akong pinapasan at iniintindi. Para mabawasan ang bigat ng dibdib ko, tinext ko ang lahat ng angst ko sa kaibigan ko. Sagot niya, "Tanga ka kasi. Wala namang batas sa Pinas na nagsasabing mag-feeling dakila ka. Ikaw ang may gusto niyan." Hindi ko na sinagot ang tinext niyang iyon. Wala kasing smiley. Naisip ko ring hindi obligasyon ng ibang taong pagnilayan ang anumang problema ko.

Halos dalawang buwan din akong umantabay bago dumating ang susunod kong project. Dahil may downpayment, naabutan ko si Mama. Inilapag ko sa mesa ang pera pero parang wala siyang balak kunin iyon. Sabi ko, "Di ako mag-so-sorry sa 'yo, ha." Ngumiti si Mama. Kimi. Paalis na sana ako nang humabol siya. Sabi niya, "Sa 'yo na muna 'yang pera mo. May nakuha ako sa PNB." Isa lang ang ibig sabihin ng PNB. Dumating na ang buwanang pension niya. Galing ang pension sa pagiging SSS member ni Papa. Sabi ko, "Kelan pa nagkasiya ang pension mo para sa mga gastusin?" Kalmado akong nagsalita pero naramdaman ko sa boses ko ang sarili kong pang-iinsulto. Ako ang napahiya. Bawi ko, "Kunin mo 'yan." Tumango si Mama. Dagdag ko, "Kumusta ka na?" Lumayo si Mama ng tingin, tapos, kinapa niya ang tagiliran niya, parang sinasabi sa aking tumitindi ang sakit na nararamdam niya. Diin ko, "Hayaan mo. Gagawa tayo ng paraan."

Nakita ko na lang ang sarili kong humahagulgol sa kuwarto. Hindi ko alam kung bakit. Siguro, dahil naalala ko ang nangyari kay Papa. Wala ako noon sa bahay. Nakatanggap na lang ako ng beep kay Glenn. Sinugod daw nila sa ospital si Papa. Nahilo raw. Tapos, kumpirma niya, inatake raw sa puso si Papa. Atake sa puso. Parang ganoon din ang nangyari kina Tito Odong at Lolo Pule. Walang kaabog-abog. Nahilo. Tapos, patay bigla. Traidor

na sakit. Nang tumakbo ako sa ospital, nakita ko si Mama, si Glenn, at si Erwin. Binabantayan nila si Papa. Una kong napansin ang sari-saring tubo na nakasaksak kay Papa. Bulong ko sa sarili, "Lord, kunin n'yo na si Papa. Ayokong maghirap pa siya." Walang ibang nakaalam ng bulong ko na iyon. Tapos, kinahapunan, parang dininig ako ni Lord. Namatay si Papa. Hindi ko alam kung dapat ba akong magpasalamat sa langit.

Dahil ako ang panganay, ako ang nagsabi sa mga kamag-anak naming wala na si Papa. Habang nasa bus, pina-practice ko sa isip ko kung paano sasabihin ang tungkol sa pagpanaw ni Papa. Pero kahit anong practice ko, iba pa rin ang sinabi ko noong kaharap ko na ang mga kamag-anak namin. Wala akong nasabihan nang maayos. Hindi pa tapos ang sinasabi ko, pumapalahaw na sila.

Nang makauwi ako sa amin, ako ang naghanda ng bahay para sa burol ni Papa. Kalmado kong nagawa ang lahat. Makalipas ang isang oras, nang maayos na sa bahay, dumating ang bangkay ni Papa. Doon, bigla, pumalahaw ako. Umatungal ako pero walang boses na lumabas sa bibig ko. Mabilis akong nagsiksik sa sulok. Dumaloy ang luha ko. Pakiramdam ko, hiniwa ang apdo ko at sumambulat ang pait at sakit sa buong katawan ko. Natauhan lang ako nang makita ko si Mama na nakatayo sa pintuan at nakatitig sa akin. Namumugto ang mga mata ni Mama. Pinakalma ko ang sarili ko at saka ako lumapit kay Mama. Sabi ni Mama, "Wala na si Papa mo. Ikaw na ang aasahan namin." Tumango ako kay Mama. Hindi ko naisip na pangangatawan ko ang pagtangong iyon. Disiotso lang ako noon. Ano ba ang malay ko sa ibig sabihin ng pasanin at responsabilidad?

Nagulat na lang ako nang masulyapan ko ang nurse na kanina ko pa inaasam-asam na makita. Kalalabas lang niya ng elevator. Abala siyang nagsusulat sa dala niyang chart habang naglalakad. Parang hindi niya ako nakita sa kinatatayuan ko. Hindi ko siya pinalagpas. Sabi ko, "Excuse me. Tapos na ba si Mama?" Sagot niya, "Sinong Mama?" Diin ko, "My mother." Tanong niya, "Marami kaming pasyente rito." Ganoon? Bakit kaya siya naging nurse kung hindi maaasahan ang memorya niya? Sagot ko, "Sabi mo, dito ako maghintay. Remember?" Umismid ang nurse. Umasta siyang nainsulto. Pero anong magagawa ko? Baka iyon ang hinahanap niya. Baka kailangang insultuhin ko siya para bumalik sa kukote niya na nurse siya at hindi prinsesang nakaupo sa tasa. Dapat niyang maintindihan na hindi ako araw-araw na nasa ospital, na hindi madali ang mangamba sa buhay ng taong pinagkakautangan mo ng buhay, na hindi tamang maging insensitive siya sa nararamdaman ng mga kamag-anak ng mga pasyente ng ospital. Tapos,

tumingin ang nurse sa dalang chart. Usisa niya, "Ano bang pangalan ng pasyente?" Sabi ko, "Salvacion—." Tumingin siya sa 'kin. Paliwanag niya, "Kanina pa tapos ang operasyon no'n, a." Sabi ko, "Ha? Kanina pa? E, ba't walang nagsabi sa 'kin? Kanina pa ako naghihintay rito." Pakli niya, "Di ko problema 'yon." Kasunod noon, tuluyan siyang umalis nang hindi ako nilingon. Nagpuyos ako sa galit pero sa halip na sundan ang walang modong nurse na iyon, sumakay ako sa elevator at dumiretso sa operating room.

Si Mama. Dapat, makita ko si Mama.

Madali kong nakita ang operating room. Malaki ang lumang karatulang nakabitin. Pero sarado ang pintuan. Kumatok ako pero walang nagbubukas. Sandali pa, may dumating at pumasok sa operating room. Hindi ko alam kung sino siya o ano ang ginagawa niya roon. Desperado lang ako kaya ako sumunod sa kaniya. Pero, hindi umubra ang diskarte kong iyon. Sabi niya sa akin, "Hoy! Sa'n ka pupunta?" Sinabi kong nasa loob si Mama at gusto ko siyang makita. Diniin niyang authorized personnel lang ang puwede sa loob kasunod ang pagturo sa isang sign na nakapaskil sa dingding malapit sa pintuan ng operating room. Tanong niya, "Authorized personnel ka ba?" Sagot ko, "Anak ako ng pasyente."

Bago kami tuluyang magsalpukan ng kausap ko, may isa pang nurse na lumabas. Mas bata siya kaysa sa kausap ko kanina. Dahil naramdaman siguro ng nurse na magwawala na ako, nakialam na siya at nag-usisa. Siya ang nagsabing nasa baba na si Mama.

Hindi ako nagpasalamat. Mabilis kung tinunton ang tinuro niyang baba. Gusto kong makita si Mama. Gusto kong malaman kung ayos na siya, kung ligtas na siya. Sa paggalugad ko sa mga madidilim na pasilyo ng lumang ospital na iyon, mas bumigat ang pakiramdam ko. Nakita ko ang mga pasyenteng nakaratay. Depressing. Para silang mga imahen sa napakalaking mural na naglalarawan ng estado ng public health service sa Pilipinas.

Sa paghangos ko, unti-unti kong narinig ang boses ko noong kausap ko si Erwin sa telepono. Noon ko unang narinig ang pinaggagawa ni Mama. Dahil daw alam niyang hindi ko kakayanin ang gastos, nagtiyaga si Mama na pumunta sa ospital na iyon. Tuwing Biyernes, umaalis daw si Mama sa bahay ng alas singko ng umaga para mauna sa pila sa ospital. Nakailang bisita na rin daw si Mama doon. Dahil government-owned, libre daw ang serbisyo ng mga doktor sa ospital. Tanong ko kay Erwin, "Sa panahon ngayon, naniniwala pa ba kayong merong libre?" S'yempre, hindi alam ni Erwin ang ihihirit niya sa akin. Sinabi na lang niya sa akin na nakumbinsi ni Mama ang doktor

na i-schedule siya ng operasyon. Libre raw ang bayad sa doktor. Iyong mga gamot lang daw ang iintindihin namin. At saka iyong sa anesthesia. At iyong mga laboratory tests na kailangang gawin para malaman kung fit si Mama na sumailalim sa operasyon. Kailangan daw kasing gumawa ng maliit na hiwa para matanggal ang bato sa daluyan ng ihi. Dahil senior citizen si Mama, may discount daw siyang makukuha sa mga gamot. Marami pa sana akong bubusisiin pero hindi ko na tinuloy. Kapag ginawa ko kasi iyon, sa huli, baka lumabas pang ako ang kontrabida. Sa madaling salita, sumang-ayon ako sa balak.

Isang Biyernes, sumama ako kay Mama sa ospital para personal na makausap ang doktor. Bibo naman ang doktor. Naglabas pa siya ng chart para ipaliwanag sa akin kung anong procedure ang gagawin kay Mama. Para akong dumalo sa isang lecture tungkol sa pagtanggal ng bato, na may kasama pang visual aid. Sa estimate, kakailanganin daw naming maghanda ng ₱50,000. Di hamak na mas mababa iyon kaysa sa ibang option na aabot sa ₱250,000 ang pinakamababa. Sa huli, diin ng doktor, "Kung wala pa kayong pera, tapatin n'yo na kami. Marami kasing pasyenteng nakapila." Tumingin si Mama sa akin, parang nagsusumamong sabihin ko sa doktor na tuloy na ang operation. Doon ko lang natimbang ang kahulugan ng kasabihang "Beggars can't be choosers."

Simula nang nangako ako kay Mama na bubunuin ko ang ₱50,000, parang pumanatag ang lahat. Hindi ko na inisip kung sino ang doktor na gagawa ng operation. Para sa akin, isang bagay lang ang pagtutuunan ko—ang mahagilap ang ₱50,000.

Nasa ground floor na ako nang tumigil ako sa paglinga. Hinahanap ko pa rin kung saan nila dinala si Mama. Huminto ako saglit para kapain ang perang nasa bulsa ko. Nakahinga ako nang maluwag. Meron pa akong natitirang ₱100. Tapos, nang ibabalik ko na ang pera ko sa bulsa, doon ko nakita si Mama.

Sa dulo ng ground floor, may napansin akong mahabang pila ng mga tao. Limang dipa mula sa pila, may stretcher na nakaparada. Sa stretcher, may matandang babae na nakahiga. Nanikip ang dibdib ko. Hindi ako maaaring magkamali. Si Mama ang matandang babae na nakahiga sa stretcher. Isang manipis at maikling kumot ang nakatakip sa hubad niyang katawan. Anong ginawa nila sa kaniya?

Dahan-dahan akong lumapit kay Mama. Pinagmasdan ko ang mukha niya. Humpak ang kaniyang mga pisngi. Maputla ang kaniyang mga labi.

Ano kayang hirap ang dinanas niya sa operating room? Bakit iniwan lang siyang ganito?

Hinawakan ko ang kamay ni Mama. Laking-gulat ko nang naramdaman kong pinisil niya ang kamay ko. Tapos, napansin ko ang banayad na pagtaas at pagbaba ng kaniyang dibdib dahil sa hirap na paghinga. Nagitla ako. Napanganga. Sa isip ko, sumisigaw ako nang pagkalakas-lakas. Ang sigaw ko ay naging palahaw. Mabilis na rumagasa ang luha ko. Saglit pa, kinubabawan ako ng galit.

Sinugod ko ang in-charge ng departmentong iyon na nasa ground floor. Sumigaw ako. Sa akin natuon ang tingin ng lahat ng mga nasa pila. Narindi ang in-charge sa sunod-sunod kong sinabi. Para siyang ginulantang ng walang patumanggang putok ng armalite. Sa halip na sagutin ako, dinampot niya ang landline sa ibabaw ng mesa niya. May tinawagan siya. Pinakalma ko ang sarili ko pero naririnig ko pa rin ang malakas kong paghinga. Pakiwari ko, sasabog ako sa tindi ng galit na kinikimkim ko.

Nang harapin ako ng in-charge, ipinaliwanag niya sa akin na dapat ma-x-ray si Mama pagkatapos ng operasyon. Iyon ang dahilan kaya siya dinala roon sakay ng stretcher. Kaya lang, mahaba ang pila kaya hindi pa naaasikaso si Mama. Walang bahid ng paumanhin ang pagbibigay niyang iyon ng mga detalyeng nalaman ko. Narinig ko na lang ang sarili kong dinidiretso siya, ’Yang mga nakapila, malalakas sila. Kaya nilang tumayo at maghintay. Ang nanay ko, kakaopera pa lang. Walang malay dahil sa anestisya. Hubad. Sa palagay mo, matatanggap ko ang paliwanag mo? Naghihintay ako sa taas. Kung kailangang dalhin siya rito, dapat, pinatawag n’yo ang kasama n’ya? Common sense lang ’yan, di ba?’

Bago maka-depensa ang in-charge, isang attendant ang dumating. Humahangos siya at nagmamadaling tinulak ang stretcher na kinahihigaan ni Mama. Mabilis akong lumapit sa kaniya. Sa isip ko, isa pa siya sa mga dapat sisihin. Dinala niya at iniwan si Mama roon. Hinarap ko siya at tinanong kung saan niya dadalhin si Mama. Galit ang boses niya nang sabihin niya sa aking i-e-x-ray na si Mama. Nagpanting ang tainga ko. Hinablot ko ang kuwelyo ng uniporme niya at saka ko ibinulalas ang galit ko. Sabi ko, “Kung ikaw kaya ang hubaran ko, operahan, at iwan dito, ano bang mararamdaman mo?” Wala akong nakuhang sagot sa attendant. Sa mukha niya, nakita ko ang takot. Sa laki ko, kaya kung basagin ang mukha niya. Narinig ko na lang ang in-charge na noon ay lumapit na sa amin. Sabi niya, “Sir, pa-x-ray na natin ang pasyente para matapos na.” Wala na akong nagawa. Hinayaan

ko ang attendant na ipasok si Mama sa x-ray department. Sumandal ako sa dingding, umaasang kakalma. Narinig ko ang bulungan ng mga taong nakapila. Babalingan ko sana sila pero hindi ko na tinuloy. Baka kung ano pa ang masamang mangyari.

Nang matapos ang x-ray procedure, dinala ng attendant si Mama pabalik sa kuwarto. Tahimik lang akong sumunod. Nang umalis ang attendant, nilapitan ko si Mama. Tinitigan ko lang siya. Sa pagkakataong iyon, hindi na ako nagdrama. Kinausap ko na lang si Mama—kahit alam kong hindi niya ako naririnig.

Sinabi ko kay Mama ang tungkol kay Papa. Inamin ko sa kaniya kung ano ang ipanagdasal ko. At kung talagang dininig ng langit ang hiniling ko, dapat, sa akin niya ibato ang sisi. Nangako ako sa kaniyang pangangatawanan ko ang anumang obligasyong hindi na nagampanan ni Papa.

Sa unang pagkakataon, nag-sorry din ako kay Mama.

Nag-sorry ako kasi hindi ko siya nabigyan ng maganda, ng maginhawang buhay. Nag-sorry ako kasi pagsusulat lang ang kaya kong gawin. Nag-sorry ako kasi kinupitan ko siya noon. Nag-sorry ako kasi hindi ko siya mabibilhan ng *Hermes* na katulad ng kay Aling Dionisia. Nag-sorry ako kasi, hanggang ngayon, marami pa rin akong excuses kaya hindi ako nag-aasawa at hindi siya nabibigyan ng apo. Nag-sorry ako kasi hindi ko siya binibigyan ng pagkakataong mapalapit sa akin. Nag-sorry ako kasi ang dami kong reklamo sa pagiging panganay ko at sa mga pinasan kong responsabilidad. Ayoko kasi ng drama. Panay drama na nga ang sinusulat ko, tapos, magiging madrama pa ang relasyon namin sa totoong buhay. Hiniling kong intindihin niya iyon.

Maghihintay pa ako ng isang oras bago tuluyang magising si Mama. Pero sapat ang isang oras na iyon para makapag-bonding kami at makabawi ako sa lahat ng mga pagkukulang ko.

Matapos lumipas ang isang oras na ’yon, maraming bagay pa ang magiging posible. Hindi na ako magpapasa ng formal complaint laban sa ospital dahil sa naging kapabayaan nila. Makikinig kasi ako sa sasabihin ni Mama na ipa-d’yos na lang namin ang lahat. Ididiin din niya kasi sa kukote ko na, sa huli, nakatulong naman ang ospital para malampasan namin ang krisis na dinanas. Isa pa, pangangatwiranan niyang mas magastos ang magsampa pa ng kaso. Lilipas pa ang ilang buwan at malalaman naming hindi naman pala talaga iyong doktor na nakausap ko ang nag-opera kay Mama kung hindi iyong interns lang niya. Ginamit nila si Mama na parang guinea pig. Dahil sa kakulangan ng karanasan ng interns (o sa kapalpakan nila), muling

ooperahan si Mama. Lilikha kasi ng keloid ang pinagtanggalan ng bato niya at kakailanganing lagyan ng stent (o tubo) ang daluyan ng ihi ni Mama. Hindi ko na sisisihin pa si Mama sa pagkumbinsi niya sa aking doon na sa government hospital na iyon magpaopera.

Susuwertehen akong makakuha ng permanente at magandang raket—sa labas ng bansa. Makakaipon ako at tuluyang mababayaran ang bahay at lupang hinuhulugan.

Tapos, ipapakilala ko sa kaniya ang magiging partner ko sa buhay at hindi siya masusurpresa (dahil, siguro, alam niyang kontento ako sa buhay na pinili ko). Tatanggapin niya kaming dalawa at magiging masaya siya para sa amin (kahit di kami makapagbibigay ng apo sa kaniya).

Sa kalaunan, babalakin kong isatitik ang lahat ng mga nangyari para may maisali ako sa Palanca (pero iinsultuhin lang ako ng aking mga kapuwa manunulat at sasabihin ine-estap'wera o ini-isnab sa Palanca ang mga akdang nababahiran ng melodrama). Pipiliin kong hindi sila pakinggan. At sa huli, aasa at huhugot ako ng positive vibes sa pagbabakasakali.

Nang magising si Mama, mukha ko ang una niyang nasungawan. Ngumiti ako sa kaniya. Umasta siyang parang giniginaw kaya mabilis kong inayos ang kumot niya. Tapos, tinanong ko siya kung anong pakiramdam niya. Ininda niya ang kirot ng hiwa sa kaniyang tagiliran. Nang tingnan ko ang hiwa, napatigalgal ako. Halos isang dangkal iyon. Malayo sa sinabi ng doktor na maliit lang. Hindi ko agad ibinida sa kaniya ang paghihintay ko nang matagal at ang nangyari sa x-ray department. Naisip ko, hindi naman siguro masamang sa mga susunod na mga araw na naming 'yong pagdidiskursuhan at pagpapagaling na lang muna ang dapat niyang isipin. Hinawakan ni Mama ang kamay ko. Sabi niya, "Tama ka. Tama ang sinabi mo sa 'kin Pag gising ko, ayos na lahat. Uuwi na tayo." Tumango ako. At ngumiti.

Naramdaman at natiyak kong simula sa araw na iyon, mag-iiba na ang takbo ng lahat para sa akin, para sa kaniya, para sa aming dalawa. Kung tutuusin, sa mga nangyari, si Mama ay nagkaroon ng pangalawang buhay, at ako, sa huli, natutong humarap at magpatuloy sa buhay. Napagtanto ko rin na kung anumang lakas at pagmamahal na nanahan sa dibdib ko ngayon, lahat iyon, galing sa lakas at pagmamahal ng aking ina.

Sandali pa, sinenyasan na ako ni Mama na buksan ang bintana. Mabilis kong sinunod ang pinakiusap niya. Sa aking pagtayo, bigla, naisip ko kung bakit nga ba *Salvacion* ang naipangalan sa pinakamamahal kong ina. Sinapuso ko na lang ang nahagilap kong paliwanag. Nang tuluyan kong mabuksan ang bintana, sa labas, namangha ako sa dahan-dahang pag-aliwalas ng mga ulap.